

Gabay ng Tagapag-alaga

Isang Impormasyonal na Kagamitan Upang Suportahan
ang Iyong Paglalakbay Bilang Tagapag-alaga



Mga Pasasalamat

Ang laman ng gabay na ito ay inipon, sinuri at isinulat ng mga sumusunod:

Samantha Betten, San Diego Funeral ServiceJudi

Bonilla, Advocates for Aging

Alma Detten, County of San Diego Health and Human Services Agency, Aging & Independence Services Dalija Dragisic,

County of San Diego Health and Human Services Agency, Aging & Independence ServicesJessica Empeño, Alzheimer's

San Diego

Anita Fisher, National Alliance on Mental Illness (NAMI) San DiegoKevin

Hannahoe, Love 2 Live Care Services

Andrea Holmberg, Sharp HealthCare Senior Resource CenterJanine

Lortscher, Sharp HospiceCare

Kevin McAninch, AgeWell Care Solutions

Cindy Sawyer, Philips Southwest Lifeline

Ana González Seda, Alzheimer's Association-San Diego/Imperial ChapterScott

Stewart, California Estate and Elder Law

John Tastad, Sharp Advance Care Planning

Para sa isang listahan ng lahat ng kasalukuyang miyembro ng Caregiver Coalition ng San Diego, mangyaring bisitahin ang www.CaregiverCoalitionSD.org.

**Ang pagpopondo ay galing sa National Family Caregiver Support Program
sa pamamagitan ng Ahensya ng Kalusugan at Pangkatauhang Serbisyo,
Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pansariling Kalayaan ng Lalawigan ng San Diego**

Minamahal na Mga Tagapag-alaga ng San Diego:

Ang Koalisyon ng Tagapag-alaga ng San Diego ay narito upang matulungan kang makahanap ng mga kasagutan sa lahat ng iyong mga katanungan sa pag-aalaga. Kasama sa mga miyembro ang mga kinatawan mula sa mga organisasyong hindi pinagkakakitaan (“non-profit organizations”), mga negosyo, at mga ahensya ng gobyerno, pati na rin ang iba pang mga propesyonal na dalubhasa sa pag-aalaga, pangangalaga sa matatanda, pagtanda, at mga isyu sa pagtatapos ng buhay. Ang aming hangarin ay mabawasan ang tensyon na dala ng trabahong pag-aalaga ng mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng pagtulong sa iyo na maging isang tagapag-alaga na mas may kaalaman.

Ang Koalisyon ng Tagapag-alaga ay nagbibigay ng mga sumusunod:

- **Libreng Mga Komperensya:** Isinasagawa ito sa iba’t ibang lokasyon sa buong Lalawigan ng San Diego. Ang mga komperensyang ito ay naghahatid ng mga presentasyon mula sa dalubhasang mga propesyonal tungkol sa mga paksa ng interes sa mga tagapag-alaga. Bawat komperensya ay may kasamang mapagkukunan-kaalaman na patas at libreng pahinga sa pag-aalaga.
- **Webinar:** Panoorin ang mga libreng 30-minutong pang-edukasyon na mga webinar mula sa iyong kompyuter o sa telepono.
- **Mga Tagapagsalita:** Ang mga miyembro at kasama ng Koalisyon ng Tagapag-alaga ay maaaring makipag-usap sa iba’t ibang grupo sa kalawakan ng Lalawigan ng San Diego. Pumili muli sa iba’t ibang paksa ng interes sa mga nakatatanda at mga matatanda.
- **Mga Reperal:** Matutulungan ka ng aming mga miyembro na makahanap ng mga mapagkukunan ng kaalaman at tulong sa komunidad na pinaka-angkop sa iyong mga pangangailangan.
- **Gabay ng Tagapag-alaga:** Ang aming mga miyembro ay nagtipon, nag-ipon at nag-ambag ng kani-kanilang kaalaman at mga mapagkukunan ng kaalaman upang likhain ang aklat na ito.

Nais ka naming magtagumpay at magkaroon ng pakiramdam
ng katuparan sa iyong paglalakbay sa pag-aalaga!

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Koalisyon ng Tagapag-alaga
ng San Diego at para kumonekta sa amin: Bisitahin ang aming Website sa:

www.CaregiverCoalitionSD.org

Magpadala ng elektronikong liham: InfoSDCaregiverCoalition@gmail.com



I-like kami sa Facebook!



Talaan ng Nilalaman

Seksyon	Pahina
Panimula	5
Seksyon 1: Paano Makakahanap ng Tulong	8
Pagsisimula	9
Pangkalahatang Impormasyon at Mga Mapagkukunan ng Kaalaman	10
Mga Website sa Pag-aalaga	11
Seksyon 2: Direktoryo ng Mapapagkukunan ng Kaalaman	14
Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pansariling Kalayaan	15
Mga Pamublikong Benepisyo	16
Mga Lokal na Ahensiyang Hindi Pinagkakakitaan	18
Pamamahala sa Pag-alaga ng Matatanda	20
Seksyon 3: Mga Karaniwang Pangangailangan	22
Transportasyon	23
Pangangalaga sa Bahay	26
Mga Pagpipilian sa Pabahay	28
Pang-araw na Pangangalaga sa Matatanda	29
Pahinga sa Pangangalaga	29
Mga Programa sa Nutrisyon	30
Mga Pangangailangan sa Pagkakaroon ng Kasama at Pang-Emosyon	30
Teknolohiya at Kagamitang Medikal	31
Seksyon 4: Komunikasyon	34
Ang Pagkakaroon ng Mahahalagang Pag-uusap Habang Maaga	35
Paano Makipag-usap sa Mga Nagbibigay ng Pangangalagang Pangkalusugan	36
Seksyon 5: Mga Isyung Pinansyal at Ligal	38

Talaan ng Nilalaman

Seksyon	Pahina
Seksyon 6: Kaligtasan	42
Paghahanda sa Sakuna	43
Pamamahala sa Gamot	44
Pag-iwas sa Pagkahulog	45
Seksyon 7: Mga Serbisyong Pangangalaga sa Sarili Suporta	50
Mga Mungkahi sa Pangangalaga sa Sarili	51
Mga Grupo na Nagbibigay-Suporta	53
Seksyon 8: Pag-unawa sa sa Sakit na Alzheimer's at Mga Kaugnay na mga Demensya	54
Pagkilala sa Sakit na Alzheimer's at Mga Kaugnay na Yugto ng Demensya ng Alzheimer	56
Mga Karaniwang Pagkilos at Mga Sanhi Nito	57
Mga Mungkahi para sa Pamamahala ng Sintomas ng PagkilosMga	58
Pagsasaalang-alang sa Kaligtasan	59
Mga Mungkahi para sa Pagtugon sa Mga Karaniwang Mga Kilos sa Iba't Ibang Yugto ng Demensya	60
Programang "Iwi Mo Ako"	61
Mga Kagamitan para mas Mahusay na Komunikasyon	62
Mga Mungkahi para sa Pag-uusap Tungkol sa Mahirap na Mga Paksa	63
Mga Mungkahi sa Pagharap sa Istres	64
Sakit na Parkinson	65
Parkinson's, Alzheimer's, at demensya	66
Seksyon 9: Pag-aalaga sa Isang Tao na Nabubuhay sa mga Hamon sa Kalusugan ng Isip	67
Sama-samang Paghanap ng Tulong	70
Suporta para sa Kalusugang Pangkaisipan	71
	72

Talaan ng Nilalaman

Seksyon	Pahina
Seksyon 10: Pangangalaga sa Pagtatapos ng Buhay	74
Pangangalaga sa Simula ng Paggamot (Palliative Care)	75
Pangangalaga sa Pagtatapos ng Paggamot (Hospice Care)	75
Paggawa ng Pangwakas na Pag-aayos	76
Mga Hakbang na Dapat Gawin sa Oras ng Kamatayan	77
Buhay Pagkatapos	78
Talahulungan (Glossary) ng Pag-aalaga	80
Apendise	84

Panimula

Sino ang isang Tagapag-alaga?

Maraming kalalakihan at kababihan ang nagsisilbing tagapag-alaga nang hindi namamalayan. Pinangangalagaan mo ba ang iyong asawa, dinadala ang isang nakatatandang miyembro ng pamilya sa mga pagkonsulta sa doctor, o tinutulungan ang iyong mga magulang sa mga bagay na pinansyal? Dinadala mo ba ang mga nakatatandang mga kamag-anak sa pamilihan o regular na namimili para sa isang kaibigan? Kung gayon, ikaw ay isang tagapag-alaga. Ang pag-aalaga ay maaaring isang lingguhang aktibidad, sa buong panahon (full-time) na pangangalaga sa katawan, o anuman sa pagitan.

Kung nag-aalaga ka ng isang mahal sa buhay, kamag-anak man, kapitbahay, o kaibigan, makakatulong ang manwal na ito. Ito ay idinisenyo bilang isang mapa ng daanan at mapagkukunan ng kaalaman para sa iyong paglalakbay. Ang bawat tao ay may magkakaibang pangangailangan at hamon. Anong tulong ang kailangan ngayon? Anong tulong ang maaring kailanganin sa hinaharap? Handa bang tumanggap ng tulong ang iyong minamahal? Walang isang tanging sagot para sa bawat sitwasyon.



Hindi Ka Nag-iisa

Sa panahon ngayon, mas maraming bilang ng mga tao ang mapalad na nabubuhay at umaabot sa mas matandang edad, ngunit marami rin ang nahaharap sa mga malalang mga problema sa kalusugan na maaaring lumala sa mga sumusunod na taon. Ang mga pamilya ay humahakbang upang tumulong. Ayon sa AARP at National Alliance for Caregiving, higit sa 34 milyong mga Amerikano ang nagbigay ng libreng pangangalaga sa isang

indibiduwal na may edad na 50 o mas matanda sa huling 12 buwan (ng taong 2015). Halos 75% ng mga nag-aalaga ay kababaihan, ngunit dumarami na rin ang kalalakihang tagapag-alaga. Sa pamantayang 49.2 na porsyento, maraming Amerikanong tagapag-alaga ang napapagitna sa pag-aalaga ng mga anak at matatandang mga kamag-anak. Gayunpaman, karamihan ng mga tagapag-alaga ay mga nakatatanda rin, na kung saan ang mga may edad na 65 pataas ay bumubuo ng isang-katlo ng populasyon ng pamilya ng mga tagapag-alaga.

Lalaki man o babae, bata, katamtamang gulang, o mas matanda, ang mga tagapag-alaga na walang bayad ay naglalaan ng maraming oras, lakas, at kanilang sariling mga mapagkukunan ng kaalaman sa pag-aalaga sa mga minamahal sa buhay, at may mahalagang papel sa pagpapatibay ng lipunan sa ating mga komunidad.

Kunin ang mga Mapagkukunan ng Kalaaman at Suporta na Kailangan Mo

Ang pagbibigay ng tulong sa iyong minamahal sa buhay ay maaaring hindi laging madali. May mga tao na mas may kakayahang magbigay ng tulong, tulad ng mapagkukunang-pinansyal, oras, at suportang emosyonal, kaysa sa iba. Sa paggamit ng tamang mga kasangkapan at suporta, maaari mong mapatakbo ng mahusay ang pangangalaga para sa iyong minamahal at iyong pamilya.

Kung ang iyong minamahal ay may sakit na Alzheimer's o ibang uri ng demensya, isang talamak na karamdam katulad ng Parkinson's, sakit sa puso, sakit sa baga, o anupamang ibang uri ng sakit o kapansanan na nangangailangan ng tulong ng isang tagapag-alaga, inaasahan ng Koalisyon ng Tagapag-alaga ng San Diego na ang manwal na ito ay makakatulong sa iyo na maging isang tagapag-alaga na mas may tiwala sa sarili, mas balanse at mas may kakayahan.



[illegible]

SEKSYON #1:

Paano Makakahanap ng Tulong

- **Ano Ang Matatagpuan Mo Sa Seksyong Ito:**
 - Pagsisimula
 - Pangkalahatang Impormasyon at Mga Mapagkukunan ng Tulong
 - Mga Website na Tungkol sa Pag-aalaga

Pag-uumpisa

Ang pag-aalaga ng iba ay maaaring maging kapaki-pakinabang at isang karangalan, ngunit maaari rin itong maging mahirap at nakakalula. Madalas kailangang makitungo sa malawak, burukratiko, kalusugan, ligal, at iba pang sistema ng gobyerno. Maaaring mahirap malaman kung saan magsisimula, o kaya ay anong mga katanungan ang dapat itanong. Ang paglalaan ng oras upang maging isang edukadong konsumidor ay magpapahintulot sa iyo na gumawa ng pinakamahusay na mga pagpapasyang posible.

Sa iba't ibang mga punto sa buong proseso ng pangangalaga, makakatulong na huminto at gawin ang ginagawa ng mga panlipunang manggagawa (social worker): ang isang pagdedetermina. Tukuyin kung alin ang maaaring kayanin o hindi kakayanin ng iyong mahal sa buhay. Anong mga aspeto ng pisikal o mental na pamumuhay ang nagbago? Pare-pareho ba ang pagbabago or nag-iiba ba ito? Ano ang pinakamahusay at alin ang hindi magandang oras ng araw? Ano ang sinasabi ng iyong minamahal tungkol sa sitwasyon? (Minsan ang ating mga mahal sa buhay ay maaaring, at nais na, pamahalaan ang sarili nang higit sa ating ekspektasyon). Ang sitwasyong pampinansyal ng indibidwal na nakatatanda? Mayroon bang mga miyembro ng pamilya o kaibigan na makakatulong sa pinansyal o iba pa? Paano kaya ang tungkol sa nga suportang emosyonal, panlipunan, at espiritwal?

Habang nangangalap ka ng impormasyon, maaari mong itala ang iyong mga obserbasyon at mga pangangailangan sa isang plano ng pangangalaga. Bilang karagdagan, gugustuhin mong mapanatili ang madaling-gamiting impormasyon tulad ng mga detalye sa kasaysayang-medikal ng iyong mahal sa buhay, impormasyong pinansyal, at ang lokasyon ng mga mahahalagang dokumento. Sumangguni sa Apendise para sa isang tsart na maaari mong punan sa impormasyong ito.

Mapalad ang Lalawigan ng San Diego sa pagkakaroon ng kayamanan ng mga programa at mapapagkukunan ng kaalaman upang matulungan ang mga nakatatanda, mga matatanda at mga tagapag-alaga. Gayunpaman, maraming tao ang hindi alam ang tungkol sa mga bagay na ito. Ang iba't ibang mga lokal na ahensya, pangkalahatang mapagkukunan ng kaalaman, at mga programang pampublikong benepisyo ay nakalista sa loob ng seksyong ito. Ang mga tiyak na mapapagkukunan ng kaalaman na nauugnay sa mga paksa tulad ng transportasyon o tulong sa bahay ay matatagpuan sa loob ng seksyon ng Mga Karaniwang Pangangailangan ng manwal na ito.



Pangkalahatang Impormasyon at Mga Mapagkukunan ng Kaalaman

Alam mo man o hindi ang eksaktong uri ng tulong na kailangan mo, o nais ng tulong na malaman ang mga magagamit na programa, ang 2-1-1 at ang Sentro ng Pagtawag ng Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pansariling Kalayaan (Aging & Independence Services Call Center) ay dalawang magagandang lugar upang magsimula.

2-1-1 San Diego

www.211sandiego.org

I-dial ang 2-1-1 sa anumang oras ng araw o gabi upang makakonekta sa malawak na sistema ng mga programa sa serbisyong panlipunan at mga organisasyong pangkawanggawa na tumutugon sa mga pangangailan ng mga taga-San Diego.

Sentro ng Tawag ng Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pansariling Kalayaan

(800) 339-4661

www.aging.sandiegocounty.gov

Ang Ahensya ng Kalusugan at Pantaong Mga Serbisyo ng Lalawigan ng San Diego, Mga Serbisyo ng Pagtanda at Pansariling Kalayaan (Aging & Independence Services o AIS) ay ang Lokal na Ahensya ng Pagtanda sa Lalawigan ng San Diego. Ang kawani ng Sentro ng Tawag ng AIS ay mga sinanay na mga panlipunang manggagawa na maaaring maikonekta ang mga tumatawag sa mga serbisyo at programa sa Lalawigan at labas-Lalawigan, kabilang ang: tulong sa loob ng bahay, pamamahala ng kaso, pagkain, at marami pa. Sumangguni sa Pahina 12 para sa ilang sa mga programang inaalok ng IAS.



Mga Website ng Tagapag-alaga

Direktoryo ng Alagang-Pangmatanda ng San Diego

www.sandiegoeldercare.com

Ang libreng gabay sa independyenteng pamumuhay, pangmatagalang pangangalaga, at mga mapagkukunan ng kaalaman para sa mga matatanda at tagapag-alaga ay ipinamamahagi ng taun-taon ng San Diego Union-Tribune. Kasama rito ang mga pangkawanggawang mapagkukunan ng kaalaman, pati na rin ang mga pribadong negosyo na espesyalista sa mga serbisyo para sa mga indibidwal na may sapat na gulang. Upang makakuha ng nakalimbag na kopya, tumawag sa (619) 293-1680.

San Diego Union-Tribune Website ng Pag-aalaga

www.caregiversd.com

Iniipon ng San Diego Union-Tribune ang mga artikulo na nauugnay sa pag-aalaga, mga lokal na mapagkukunan ng kaalaman, at payo sa mga paksang tulad ng mga kinakailangan sa pag-aalaga, pagkuha ng tulong, pag-aalaga sa may demensya, pagpapanatiling malusog, at mga bagay na pampinansyal.

AARP® Sentro ng Mapapagkunan ng Kaalaman sa Pag-aalaga

www.aarp.org/caregiving

Mahamanap mo rito ang maraming mga mungkahi, kasangkapan, at mga mapagkukunan ng kaalaman para sa mga tagapag-alaga ng pamilya kabilang ang mga maaaring i-download na mga gabay tulad ng Gabay ng Paghahanda sa Pag-aalaga (“Prepare to Care Guide”), Mga Pangunahing Kaalaman sa Pag-aalaga, Pag-aalaga sa Bahay, Pinansyal at Ligal, at Pagbalanse ng Buhay sa Pag-aalaga.

AARP® Kagamitan sa Pag-aalaga

www.aarp.org/caregivingtools

Nagbibigay ang website na ito ng iba’t ibang mga libre na mga kagamitan na makakatulong sa iyo na makahanap ng mga serbisyo, subaybayan ang mga tala ng kalusugan, mga templatong pag-akses para sa mga halimbawa ng mga ligal na dokumento, at marami pa.

Koalisyon ng Tagapag-alaga ng San Diego (Caregiver Coalition)

www.caregivercoalitionsd.org

Ang website ng Koalisyon ng Tagapag-alaga ay nagbibigay sa mga tagapag-alaga na miyembro ng pamilya ng impormasyon, mapagkukunan ng kaalaman, at paparating na mga lokal na kaganapan para sa mga nag-aalaga.

Alyansya ng Tagapag-alaga ng Pamilya (Family Caregiver Alliance o “FCA”)

www.caregiver.org

Nilalayan ng pambansang organisasyon na ito na mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga tagapag-alaga at ang mga pinangangalagaan nila sa pamamagitan ng impormasyon, mga serbisyo, at adbokasiya. Nagbibigay ang kanilang website ng impormasyon sa iba’t ibang mga paksa ng pangangalaga (pantulong na teknolohiya, pagkakaiba-iba at mga isyu sa kultura, pang-malayo na pag-aalaga) at mga paksang nauugnay sa kalusugan (demensya, sakit na Parkinson’s, tromatikong pinsala sa utak).

Suporta sa Pag-aalaga ng Administrasyon ng Mga Beterano (Veterans Administration o “VA” Caregiving Support)

<https://www.sandiego.va.gov/services/caregiver/index.asp>

Nag-aalok ang VA ng mga serbisyo at suporta sa mga tagapag-alaga ng mga beterano. Bisitahin ang kanilang website upang malaman ang tungkol sa mga espesyal na programa, tulad ng mga programa para sa mga tagapag-alaga na miyembro ng pamilya na nagmamalasakit sa mga beterano na nasugatan pagkatapos ng 9/11. Mayroon ding isang espesyal na linya ng suporta ng tagapag-alaga (855) 260-3274 upang tumulong sa pagkonekta ng mga tagapag-alaga at mga beterano sa mga serbisyo.



[illegible]

SEKSYON #2:

Direktoryo ng Mapapagkunan ng Kaalaman

- **Ano ang Matatagpuan Mo sa Seksyong Ito:**

- Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pansariling Kalayaan
- Mga Benepisyong Pampubliko
- Mga Lokal na Ahensyang Pangkawanggawa
- Pamamahala sa Heriyatrikong Pangagalaga

Mga Serbisyo sa Pagtanda at Pansariling Kalayaan

Ang Ahensya ng Kalusugan at Mga Serbisyonang Pantao ng Lalawigan ng San Diego, Mga Serbisyo ng Pagtanda at Pansariling Kalayaan (Aging & Independence Services o AIS) ay nag-aalok ng iba't ibang mga programa at serbisyo para sa mga nakatatanda. Para sa pangkalahatang impormasyon at tulong sa reperal, pati na rin ang impormasyon tungkol sa alinman sa mga programang nakalista sa ibaba, tumawag sa Sentro ng Tawag ng AIS sa (800) 339-4661. Tinutulungan ng mga manggagawang panlipunan na ikonekta ang mga tumatawag sa loob at labas ng lalawigan, kasama ang: tulong sa loob ng bahay, pamamahala sa kaso, pagkain, at marami pa.

Mga Sumusuportang Serbisyo sa Pag-aalaga sa Loob ng Bahay (In-Home Supportive Services o “IHSS”)

Nagbibigay ang IHSS ng personal na pangangalaga at tulong sa mga maybahay, sa mga nakatatanda (edad 65+) na mababa ang kita at mga indibidwal na may kapansanan na hindi maaaring manatili sa kanilang mga tahanan. Ang mga serbisyo ng IHSS ay ibinibigay ng mga independyenteng tagapag-alaga na napili ng kliyente ng IHSS. Maraming kliyente ang nagde-decision na magkaroon ng isang pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya o kaibigan na tutulong sa kanila, o maaari silang pumili ng isang propesyonal na subok na mula sa rehistro ng tagapag-alaga.

Protektibong mga Serbisyo sa mga May Sapat na Edad (Adult Protective Services o “APS”)

Iniiimbestigahan ng Protektibong mga Serbisyo sa mga May Sapat na Edad (Adult Protective Services o “APS”) ang mga sumbong tungkol sa pang-aabuso sa matatanda at mga indibidwal na may sapat na gulang na umaasa sa pangangalaga ng iba, kabilang ang mga kaso ng kapabayaan, pag-abandona, pisikal, sekswal, at pang-aabuso sa pananalapi. Ang pangunahing misyon ng APS ay upang magbigay ng proteksyon, isa pang mahalagang layunin ay upang mapanatili ang kalayaan at dignidad ng mga matatanda at mga indibidwal na sapat ang edad na may kapansanan. Bilang karagdagan sa pagsisiyasat sa pang-aabuso, nagsasagawa ang APS ng mga pagbibisita at nakikipag-ugnayan din sa iba pang mga ahensya at kasosyo sa komunidad upang mapahusay ang kaligtasan ng kliyente at magbigay ng mga sumusuportang mga mapagkukunan ng kaalaman.

Mga Programa sa Pamamahala ng Kaso

Ang mga programang ito ay nagbibigay ng komprehensibong pamamahala sa panlipunan at pangangalagang pangkalusugan, karaniwang para sa mga kliyente at pamilya na may iba't ibang mga serbisyo, tulad ng: pagsusuri ng mga pangangailangan, pagpapalano ng pangangalaga sa kliyente at pamilya, adbokasiya, koordinasyon ng pangangalaga sa iba pang mga ahensya ng komunidad, pag-aayos ng mga serbisyo, tatlong-buwanang pagbisita sa bahay, at buwanang pag-tsek-in. Sa kasalukuyan, ang mga sumusunod na uri ng kliyente ay sineserbisyohan ng mga programa sa pamamahala ng kaso ng AIS:

- Mga indibidwal na may edad na 65+ na kwalipikado sa Medi-Cal at nasa peligro na mailagay sa isang pasilidad ng dalubhasang pangangalaga
- Mahina at may kapansanan na mga indibidwal na may edad na 60+ na mababa o katamtaman ang kita (kwalipikado man o hindi sa Medi-Cal) at nanganganib na mailagay sa isang pasilidad ng dalubhasang pangangalaga.
- Mga indibidwal na may edad na 18+ na may mga kapansanan na nanganganib na ma-institusyonalisado.

Mga Benepisyo sa Publiko

Depende sa edad, kita, lagay ng kapansanan, o iba pang mga kinakailangan, ikaw o ang iyong mahal sa buhay ay maaaring makatanggap ng mga sumusunod na programa o benepisyo.

CalFresh (SNAP sa ibang estado)

Ang CalFresh, na dating kilala bilang mga selyo na pagkain (food stamps), ay tumutulong sa mga taong may limitadong kita na bumili ng pagkain gamit ang isang elektronikong “benefit card” na mukhang isang “credit card.” Upang magsumite ng aplikasyon, makipag-ugnay sa Ahensya ng Kalusugan at Pantaong Serbisyo ng Lalawigan ng San Diego na i-akses ang Sentro ng Tawag ng Serbisyong Pang-Kostomer sa (866) 262-9881.

Medi-Cal (Medicaid sa ibang estado)

Ang pederal at estadong programa na ito ng segurong pangkalusugan ay tumutulong sa mga taong limitado ang mapapagkukunan ng tulong para makatanggap ng medikal na pangangalaga. Para sa mga indibidwal na may sapat na edad na may kapansanan, sinusuplementahan nito ang kanilang Medicare. Kontakin ang Sentro ng Tawag ng Serbisyong Pang-kostomer ng Kalusugan at Pantaong Serbisyo ng Lalawigan ng San Diego sa (866) 262-9881.

Medicare

Ang Medicare ay isang pambansang programa sa segurong pangkalusugan na tumutulong sa mga taong may edad na 65 pataas, (at ilang mas bata na may mga kapansanan), na magbayad para sa kanilang pangangalaga sa kalusugan. Tumawag sa Medicare sa (800) 633-4227, o bisitahin ang www.medicare.gov. Ang pangkawanggawa na Elder Law & Advocacy at ang aming lokal na tagapagbigay na pambansang Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) na nagbibigay ng libreng impormasyon at pagpapayo tungkol sa Medicare. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Elder Law & Advocacy sa (858) 565-1392 o bisitahin ang www.seniorlaw-sd.org.

Seguridad sa Lipunan (“Social Security”)

Ang pambansang programa na ito ay nagbibigay ng buwanang pinansyal na tulong sa mga taong nagsisimula sa edad na 62 o mga taong nagkaroon ng kapansanan at kwalipikado sa striktong pamantayan sa kapansanan at pagtatrabaho. Upang makatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro dapat kang nakapagbayad ng mga buwis sa pagreretiro sa Social Security nang hindi bababa sa 10 taon o matugunan ang iba pang mga kinakailangan. Upang magsumite ng aplikasyon, bisitahin ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security Administration, tumawag sa (800) 772-1213, o mag-online: www.ssa.gov.

Karagdagang Kita sa Seguridad (Supplemental Security Income o “SSI”)

Nagbabayad ang SSI ng buwanang mga pinansyal na benepisyo sa mga taong may edad na 65 pataas, pati na rin sa mga bulag o may kapansanan kung sila ay may limitadong kita. Ang mga indibidwal ay maaaring makatanggap ng parehong mga pagbabayad sa Social Security at SSI kung natutugunan nila ang mga kinakailangan. Bisitahin ang lokal na tanggapan ng Social Security, tumawag sa (800) 772-1213, o mag-online sa www.ssa.gov upang makakuha ng karagdagang impormasyon o magsumite ng aplikasyon.

Mga Benepisyo ng mga Beterano (Veterans Benefits o “VA”)

Nag-aalok ang Administrasyon ng mga Beterano (VA) ng iba't ibang mga serbisyo para sa mga beterano at kanilang mga tagapag-alaga. Bisitahin ang iyong lokal na tanggapan ng Rehiyonal na Benepisyo, tumawag sa (800) 827-1000, o bisitahin ang www.benefits.va.gov/sandiego/ upang makakuha ng karagdagang impormasyon. Bilang karagdagan, ang Tanggapan ng Militar at Beterano ng Lungsod ng San Diego (OMVA) ay maaaring makatulong sa komprehensibong mga pagpapayo sa benepisyo, paghahanda at pagsusumite ng mga paghahabol (claims), at iba pa. Para sa impormasyon, makipag-ugnay sa OMVA sa (858) 694-3222 o mag-email sa sdcvso.hhsa@sdcounty.ca.gov.



Mga Lokal na Organisasyong Pangkawanggawa

Ang mga sumusunod na lokal at pangkawanggawang mga ahensya ay nagbibigay ng mapagkukunan ng kaalaman at suporta sa mga indibidwal na nakatatanda at / o mga tagapag-alaga. Ito ay ilan sa mga organisasyon na maaaring makatulong.

Asosasyon ng Alzheimer's, San Diego/Imperyal na Tsapter

(800) 272-3900

www.alz.org/sandiego

Ang lokal na tsapter ng pambansang Asosasyon ng Alzheimer ay nag-aalok ng mga serbisyo tulad ng: mga programang pang-edukasyon, isang Linyang-Tulong ("Helpline") na bukas ng 24 na oras sa isang araw / 7 araw sa isang linggo, impormasyon sa mga mapagkukunan ng kaalaman, buwanang suporta sa telepono mula sa grupo ng mga tagasuporta, at mga online na talaan ng mensahe mula sa komunidad.

Alzheimer's ng San Diego

(858) 492-4400

www.alzsd.org

Nag-aalok ang Alzheimer's San Diego ng iba't ibang mga makabagong mga programa at serbisyo, kabilang ang: mga klase at "workshop" para sa mga tagapag-alaga, mga grupo ng suporta at talakayan, impormasyon sa mapagkukunan ng kaalaman, patnubay mula sa mga dalubhasa na eksperto sa demensya, mga aktibidad na panglipunan, at pahinga sa pag-aalaga.

Koalisyon ng Tagapag-alaga ng San Diego

www.caregivercoalitionsd.org

Nag-aalok ang Koalisyon ng Tagapag-alaga ng suporta, edukasyon, at adbokasiya sa mga pamilyang nag-aalaga sa kanilang mga mahal sa buhay. Ang Koalisyon ay binubuo ng magkakaiibang lupon ng mga ahensya, kapwa pang-negosyo o pangkawanggawa, na nagsisilbi sa mga pamilya. Bisitahin ang website upang makakuha ng impormasyon, mga mapagkukunan ng kaalaman, at paparating na mga kaganapan para sa mga tagapag-alaga.

Batas ng Mga Matanda at Adbokasiya (Elder Law & Advocacy)

(858) 565-1392

www.seniorlaw-sd.org

Nagbibigay ang Batas ng mga Matanda at Adbokasiya ng libreng ligal na tulong sa mga residente ng San Diego na higit sa 60 ang edad o nag-aalaga para sa isang taong higit sa 60 ang edad. Bilang karagdagan, ang kanilang Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) ay nagbibigay ng patas at walang pinapanigan na impormasyon at pagpapayo hinggil sa Medicare.

Tulong sa Nakatatanda (ElderHelp)

(619) 284-9281

www.elderhelpofsandiego.org

Nagbibigay ang ElderHelp ng mga webinar at kurso sa online para sa mga tagapag-alaga ng pamilya, bilang karagdagan sa mga serbisyo para sa mga indibidwal ng may sapat na gulang tulad ng koordinasyon ng pag-aalaga, transportasyon, at isang programa sa pagbabahagi ng tirahan.

Mga Serbisyo sa Iba't Ibang Relihiyon na Pangkomunidad

www.interfaithservices.org

(760) 489-6380

Nagbibigay ang Mga Serbisyo sa Iba't Ibang Relihiyon ng mga serbisyo upang mapanatili ang mga indibidwal na may sapat na gulang na naninirahan sa Escondido, Oceanside, at mga nakapalibot na komunidad sa Hilagang Lalawigan na manatiling ligtas sa kanilang sariling mga tahanan hangga't maaari.

Serbisyong Pampamilya ng mga Hudyo ng San Diego (Jewish Family Service of San Diego)

(858) 637-3040

www.jfssd.org

Tumawag sa JFS Older Adult HelpLine upang makakuha ng suporta at impormasyon sa mga serbisyo para sa mga indibidwal na may sapat na gulang. Nag-aalok ang Balboa Avenue Older Adult Center ng Jewish Family Service ng isang ligtas na kanlungan para sa mga indibidwal na may sapat na gulang na nabubuhay na may banayad na kognitibong kapansanan (Mild Cognitive Impairment), kabilang ang maagang yugto ng sakit na Alzheimer at demensya, upang makaranas ng kalahating araw ng mga aktibidad at pakikisalamuha.

Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Kaalaman para sa mga Matatanda sa Sharp (Sharp Senior Resource Centers)

(619) 740-4214

www.sharp.com/services/seniors/resource-centers.cfm

Ang mga indibidwal na may sapat na gulang at mga tagapag-alaga ay maaaring makakuha ng impormasyon, mapagkukunan ng kaalaman, pagsusuri sa kalusugan, at libreng mga klase sa edukasyon sa kalusugan at tagapag-alaga sa pamamagitan ng Sharp Senior Resource Centers. Ang mga Sentro ay libre sa publiko.

Sentro ng Mapagkukunan ng Kaalaman para sa mga Tagapag-alaga sa Bandang Timog (Southern Caregiver Resource Center o “SCRC”)

(800) 827-1008

www.caregivercenter.org

Nagbibigay ang SCRC ng mga libreng serbisyo sa mga nag-aalaga ng miyembro ng pamilya, kabilang ang: mga serbisyo sa konsulta / pamamahala ng kaso, panandaliang pagpapayo, mga konsulta sa ligal / pampinansyal, edukasyon at pagsasanay, mga grupo ng suporta, at pahinga sa pag-aalaga.

Pamamahala ng Pangmatandang Pag-aalaga (Geriatric Care Management)

Ang pamamaraan ng pag-aalaga ay maaaring maging lubhang kumplikado at kung minsan ay makabubuti ang paggamit ng isang propesyonal na tagapamahala ng pangangalagang pang-heriyatriko upang makatulong. Ang isang propesyonal na tagapamahala sa pangangalagang heriyatriko (professional geriatric care manager o PGCM) ay dalubhasa tulad ng isang manggagawang panlipunan (social worker), tagapayo, espesyalista sa herontologiya, o nars na dalubhasa sa pagtulong sa mga indibidwal na may sapat na gulang at ng kanilang pamilya na nangangalaga sa kanila upang makamit ang pinakamataas na kalidad ng buhay sa kabila ng kanilang kalagayan. Ang mga negosyo at mga propesyonal sa ligal, pangkalusugan, at mga pinansiyal na bagay ay madalas na gumagamit ng mga PGCM upang matiyak ng kanilang mga kliyente na nauunawaan ang kanilang mga opsyon, matugunan ang kanilang mga pangangailangan, at makatanggap ng may kalidad na pangangalaga. Bilang isang tagapag-alaga, maaari kang makipagtulungan sa isang PGCM upang mapag-alaman kung ano ang maaaring pinakamahusay na opsyon para sa sitwasyon ng iyong minamahal sa buhay.

Ang mga PGCM ay tumutulong sa mga pamilya at tagapag-alaga sa maraming paraan, tulad ng:

- Pagsasagawa ng mga pagsusuri sa pagpapalano sa pangangalaga ng matatanda upang makilala ang mga problema at magbigay ng mga solusyon.
- Pagsisiyasat, pag-aayos, at pagsusubaybay sa pangangalaga sa loob ng bahay.
- Pagbibigay ng panandalian o pangmatagalang tulong para sa mga tagapag-alaga na nakatira sa malapit o malayo.
- Pagsusuri sa mga bagay na pampinansyal, ligal, o medikal at nag-aalok ng mga reperal sa mga espesyalista sa heriyatriko sa mga larangang ito.
- Pagbibigay ng interbensyon sa krisis.
- Nagsasagawa ng regular na pagbisita upang masuri at masubaybayan ang kalagayan ng mga kliyente.
- Pagtulong sa paglipat ng mga kliyente papunta o mula sa iba't ibang mga lugar ng pangangalaga.
- Pagbibigay ng edukasyon at adbokasiya sa kliyente at pamilya. Ang ilang mga PGCM ay nagbibigay din sa pamilya o indibidwal ng terapiya/pagpapayo, pamamahala sa pananalapi, konserbatoryo o tulong sa pangangalaga.

Karamihan sa mga tagapamahala ng pangangalaga ay nakatuon sa mga indibidwal na may sapat na gulang, kahit na marami ang may kakayahan at kaalaman upang maghatid sa iba na may mas malalang mga kundisyon. Ang mga tagapamahala sa heriyatrikong pangangalaga ay maaaring sumingil sa pagitan ng \$50 at \$200 bawat isang oras. Karamihan sa mga plano sa pangkalusugang seguro (health insurance plans) ay hindi sinasaklaw ang mga gastos na ito.

Upang makahanap ng isang tagapamahala sa heriyatrikong pangangalaga na malapit sa iyo, bisitahin ang website ng Aging Life Care Association: www.aginglifecare.org. Ang organisasyong pang-industriya na ito, dating National Association of Geriatric Care Managers, ay nagbibigay ng impormasyon sa mga serbisyo, kung paano pumili ng isang propesyonal na maaaring makatrabaho, mga pamantayan ng etika, at isang listahan ng mga lokal na propesyonal.

Ang mga indibidwal na may sapat na gulang na may mababang kita ay maaaring makatanggap ng libreng tulong ng koordinasyon sa pangangalaga sa pamamagitan ng isa sa mga programa sa pamamahala ng kaso na inaalok ng Aging & Independence Services. Tumawag sa Sentro ng Tawag ng AIS sa (800) 339-4661 para sa karagdagang impormasyon.

Ang ilang mga ahensya ng pamayanan, tulad ng Elderhelp (www.elderhelpofsandiego.org), ay maaaring magbigay din ng libreng tulong sa koordinasyon ng pangangalaga

[illegible]

SEKSYON #3:

Pangkaraniwang Mga Pangangailangan

- **Ano ang Matatagpuan Mo sa Seksyong Ito:**
 - Transportasyon
 - Pag-aalaga sa Loob ng Bahay
 - Mga Pagpipilian sa Pabahay
 - Pang-araw na Pag-aagala sa mga Matatanda
 - Pahinga sa Pag-aalaga
 - Mga Programa sa Nutrisyon
 - Mga Pangangailangang Emosyonal at Pagkakaroon ng Kasama
 - Mga Kagamitang Teknolohiya at Medika

Transportasyon



Pagdating sa transportasyon, magsimulang magplano nang maaga at bumuo ng isang network ng mga mapagkukunan ng kaalaman upang matugunan ang mga pangangailangan sa transportasyon ng iyong mahal sa buhay. Habang ang iyong mahal sa buhay ay maaaring ligtas pa ring magmaneho ngayon, ang kanilang mga pangangailangan at kakayahan ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon. Ang mga opsyon sa transportasyon ay nakasalalay sa kung saan nakatira ang tao at ang uri ng transportasyon na kinakailangan.

Kaligtasan sa Pagmamaneho

Ang pagtanda ay hindi nangangahulugang ang isang tao ay hindi na maaaring magmaneho ng ligtas. Gayunpaman, kung nag-aalala ka tungkol sa kaligtasan ng iyong minamahal sa buhay na nagmamaneho, mahalaga na magkaroon ng mahalagang pakikipag-usap sa kanila. Ang National Highway Traffic Safety Administration (NHTSA) ay may website na may impormasyon tungkol sa ligtas na pagmamaneho para sa mga indibidwal na may edad na at kung paano simulan ang isang pag-uusap tungkol sa kaligtasan sa pagmamaneho (www.nhtsa.gov/road-safety/older-drivers). Ang AARP® ay may website na sumasaklaw sa mga mungkahi ng kaligtasan sa pagmamaneho at mga link sa mga kurso para sa matalinong tagapagmaneho (Smart Driver) sa online o sa personal (www.aarp.org/auto/driver-safety).

Kung, pagkatapos lumapit sa iyong mahal para makipag-usap, mayroon ka pa ring pag-aalala, maaari kang makipag-ugnay sa Kagawaran ng Mga Sasakyan (DMV) at hilingin na suriin ang indibidwal. Maaari ring ipagbigay-alam ng manggagamot sa DMV kung sa palagay nila na ang kanilang pasyente ay hindi na makakapagmamaneho nang ligtas. Ang mga indibidwal ay maaaring makipag-ugnay sa DMV para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng driver ng San Diego sa (619) 220-5300.

FACT

Ang FACT ay isang pangkawanggawang ahensya na nilikha noong 2005 upang mapabuti ang pag-akses sa transportasyon para sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, mga beterano, at iba pa.

Maraming mga indibidwal sa Lalawigan ng San Diego na hindi ma-akses ang pampublikong transportasyon dahil sa kanilang mga espesyal na pangangailangan, ang kanilang distansya mula sa mga ruta ng pagbiyahe, o dahil sa kakulangan ng mga serbisyo sa transportasyon. Ang FACT ay kumikilos bilang isang tagapamahala ng paglipat para sa mga indibidwal na naghahanap ng transportasyon sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanila sa pinakaangkop na pamamaraan para sa kanila.

Mga Reperal: Ang mga reperal sa transportasyon ay ibinibigay nang personal, sa pamamagitan ng telepono, at sa pamamagitan ng tagaplano ng paglalakbay na batay sa web, ang Find-A-Ride. Ang FACT ay nagpapanatili ng isang komprehensibong listahan ng mga ahensya ng transportasyon, mga ahensya ng serbisyong panlipunan, mga organisasyong batay sa pananampalataya, at mga dalubhasang serbisyo sa transportasyon. Bisitahin ang website ng FACT sa www.factsd.org o tumawag sa (888) 924-3228.

Mga Murang Transportasyon: Ang RideFACT ay isang serbisyo na may murang transportasyon na nagbibigay ng mga pangkalahatang paglalakbay para sa mga nakatatanda (edad ay 60+) 7 araw sa isang linggo, mula alas 7 ng umaga - 8 ng gabi. Ang RideFACT ay para sa mga matatanda na walang ibang mga opsyon sa transportasyon at magagamit ito sa mga naninirahan sa loob ng lahat ng mga siyudad sa Lalawigan ng San Diego, pati na rin sa mga pamayanan ng Ramona at Spring Valley. Maaaring hilingin ang mga pagpapareserba sa pamamagitan ng pagtawag sa FACT sa (888) 924-3228 mula 9 ng umaga - 4 ng hapon. Ang mga biyahe ay maaaring i-reserba na hindi iikli sa 7 araw bago ang araw ng biyahe. Ang gastos para sa pagsakay ay nagsisimula sa \$2.50 para sa mga one-way na biyahe hanggang sa 5 milya. Ang mga pagsakay sa 5 milya o higit pang gastos sa pagitan ng \$4.00 at \$10 depende sa distansya. Maaaring makasakay ang mga personal na tagapag-alaga nang walang dagdag na bayad kapag hiniling ito habang nagpapa-reserba. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa FACT, bisitahin ang www.factsd.org o tumawag sa (888) 924-3228.

Mga Programa ng Boluntaryong Pagmamaneho

Maraming mga lokal na organisasyong pangkawanggawa ang nagbibigay ng transportasyon sa mga appointment sa medikal, pati na rin para sa mga appointment sa negosyo, pangangalaga sa sarili, at pamimili sa mga indibidwal na 60 ang edad pataas na hindi na nakakapagmaneho nang mag-isa. Ang mga organisasyon ay nangangailangan ng isang aplikasyon upang madetermina ang mga karapat-dapat at ang mga indibidwal na mga programa ay naghahatid ng mga tukoy na heyograpikong lugar sa pamamagitan ng kodigo postal. Ang mga programang ito ay gumagamit ng mga boluntaryong tagapag-maneho at mga pribadong sasakyan upang magbigay ng transportasyon sa mga kalahok sa programa. Ang lahat ng mga boluntaryong tagapagmaneho ay sumasailalim sa isang pagsusuri sa background at pagsasanay at dapat magkaroon ng kasalukuyang seguro (insurance) ng kotse. Karamihan sa mga programa ay humihiling ng isang donasyon, at ang ilan ay mayroong bayad sa aplikasyon. Bilang karagdagan, ang ilang mga organisasyon ay nagbibigay ng mga kupon (voucher) ng taksi na mas mura at mga sasakyan para sa pamimili. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa San Diego County Volunteer Driver Coalition sa www.sdcvdc.org.

Pampublikong Transportasyon


Ang mga ahensya ng pampublikong pagbiyahe sa San Diego ay nag-aalok sa mga indibidwal na 60 taong gulang o pataas ng diskwento sa pamasaha at buwanang pases. Upang magsumite ng aplikasyon para sa

isang diskwentadong buwanang pases, kinakailangan ang isang aplikasyon kasama ang patunay ng pagiging karapat-dapat. Bisitahin ang North County Transit District (NCTD) sa www.gonctd.com o ang San Diego Metropolitan Transit System (SDMTS) sa www.sdmts.com.

Bilang karagdagan, nag-aalok ang mga sistema ng transit ng serbisyo ng Paratransit alinsunod sa mga Amerikanong may Kapansanan sa Batas (Americans with Disabilities Act o “ADA”) para sa mga indibidwal na hindi makabiyahang sa nakapirming sistema ng bus na ruta. Ang mga indibidwal ay dapat na sertipikado at kwalipikado na gamitin ang serbisyong ito. Para sa sertipikasyon ng ADA para sa North County Transit District, bisitahin ang www.adaride.com o ang San Diego Metropolitan Transit System sa www.rideonmts.com.

Transportasyon para sa mga Beterano

Para sa mga medikal na appointment ng Administrasyon ng mga Beterano, ang programa ng Veterans Transportation Network ay nagbibigay ng libre, balikan na transportasyon para sa mga pasyente na may appointment na medical sa VA Medical Center at VA Mission Valley Clinic. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag (858) 552-7470 o bisitahin ang www.bit.ly/sdvarides.



Pag-aalaga sa Bahay

Karamihan sa mga propesyonal na tagapag-alaga sa bahay ay itinuturing na hindi likas na medikal. Habang ang isang tagapag-alaga na hindi pang-medikal ay maaaring makatulong sa higit sa mga pangangailangan ng personal at pisikal na pangangalaga ng kliyente (paliligo, pagbibihis, paggamit ng banyo, at paglilipat), may ilang mga gawain na hindi dapat gampanan ng isang tagapag-alaga na hindi pang-medikal, tulad ng paggupit ng kuko, pag-ahit, o pamamahala ng gamot. Dahil ang karamihan sa pangangalaga sa bahay ay ikinategorya bilang hindi pang-medikal, ang seguro sa kalusugan ng medikal (medical insurance) ng isang tao ay hindi sumasaklaw sa gastos ng pangangalaga. Gayunpaman, may iba pang mga opsyon para sa mga pamilya upang dagdagan o ganap na masakop ang gastos sa pangangalaga, tulad ng pangmatagalang seguro sa pangangalaga at mga benepisyo ng VA at Tulong at Pagdalo (Aid & Attendance).

Ang mga lokal na samahan ng serbisyong panlipunan, tulad ng Southern Caregiver Resource Center, Alzheimer's San Diego, Jewish Family Service, o ElderHelp, ay maaaring makatulong sa ilang mga gawain sa bahay. Ang Mga Serbisyong Sumusuporta sa Pangangalaga sa Loob ng Bahay (In-Home Support Services o IHSS) ay makakatulong din sa mga kwalipikadong indibidwal.

Alam Mo Ba?

Ang Lalawigan ng San Diego ay nag-aalok ng isang programa na tinatawag na In-Home Supportive Services (IHSS) na nagbibigay ng tulong sa pag-aalaga sa mga indibidwal na kwalipikado sa Medi-Cal at nangangailangan ng tulong upang manatiling independiyente sa bahay. Tumawag sa (800) 339-4661 para sa karagdagang impormasyon.



Mga Kumpanya ng Pangangalaga sa Bahay

Kinokontrol ngayon ng California ang industriya ng pangangalaga sa bahay at obligado ang lahat ng mga kumpanya ng pangangalaga sa bahay na magparehistro sa estado. Tinitiyak ng regulasyon na ito na ang bawat isang lisensyado ng estado na Home Care Organization (HCO) ay kumukuha ng mga manggagawa na nakapasa sa isang background check at sumusunod sa taunang pagsasanay na hinihiling ng estado, bukod sa iba pang mga regulasyon.

Sa pagpili ng isang kumpanya ng pangangalaga sa bahay na mag-aalaga para sa iyong minamahal sa buhay, napakahalagang tanungin ang mga sumusunod na katanungan para sa iyong proteksyon:

1. Ang kumpanya ba ay isang lisensyadong HCO sa Estado ng California, Kagawaran ng Serbisyon Panlipunan? Kung gayon, hilingin ang kanilang numero ng HCO. Bisitahin ang <https://secure.dss.ca.gov/CareFacilitySearch/Search/All>
- Gumamit ng tulong ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa loob ng bahay, mga programa ng pahinga, pangangalaga sa tao na may sapat na edad, at / o mga serbisyo sa pangangalaga ng tirahan kung kailangan mo sila. Upang magsimulang maghanap ng mga mapagkukunan ng kaalaman na malapit sa iyo, makipag-ugnay sa **2-1-1 San Diego** (www.211sandiego.org), bisitahin ang website ng tagapag-alaga ng The San Diego Union Tribune (www.caregiverSD.com), o makipag-ugnay sa Aging & Independence Services Call Center sa (800) 339-4661.
- Kung ikaw ay isang beterano o nag-aalaga ng isa, maraming mapagkukunan ng kaalaman na maaaring makatulong sa iyo. Ang Kagawaran ng Beterano ng Estados Unidos ng Estados Unidos (VA) ay mayroong isang website ng Suporta ng VA Caregiver sa www.caregiver.va.gov o makipag-ugnay sa Opisina ng Militar at Beterano ng San Diego County sa (858) 694-3222.



SEKSYON #8:

Pag-unawa sa Sakit na Alzheimer's at mga Kaugnay na mga Demensya

- **Ano ang Matatagpuan Mo sa Seksyon na Ito:**
 - Dyagnosis ng Alzheimer's Disease at mga Kaugnay na mga Demensya
 - Mga Yugto ng Sakit na Alzheimer's
 - Mga Karaniwang Pag-uugali at mga Sanhi Nito
 - Mga Mungkahi para sa Komunikasyon at Pamamahala ng Sintomas ng Pagkilos
 - Mga Pagsasaalang-alang sa Kaligtasan
 - Mga Mungkahi para sa Pagtugon sa Mga Karaniwang Pagkilos Sa Mga Yugto ng Demensya
 - Programang “Iuwi Mo Ako”
 - Mga Kagamitan sa Mas Mahusay na Komunikasyon
 - Mga Mungkahi para sa Pakikipag-usap Tungkol sa Mahirap na Mga Paksa
 - Mga Mungkahi Para sa Pangangasiwa sa Istres
 - Sakit na Parkinson's, Alzheimer's at Demensya



Sinasabi ng mga eksperto na higit sa 5 milyong mga Amerikano ay maaaring magkaroon ng ilang uri ng demensya. Ang Dementia ay isang hindi mababaliktad at progresibong sakit sa utak na dahan-dahang nakakaapekto sa memorya, kasanayan sa pag-iisip, at kalaunan, ang kakayahang isagawa ang pinakasimpleng gawain. Bagaman maaaring magkakaiba ang mga sintomas, ang unang problema na napansin ng maraming tao ay ang pagkalimot na sapat na malubha upang makagambala sa pang-araw-araw na buhay. Sa taong 2015, higit sa 84,000 ang mga San Diegans na edad 55 pataas ay tinatayang mabubuhay na may ilang uri ng sakit na ito.

Ang pinaka-karaniwang uri ng demensya sa karamihan ng mga matatanda ay ang sakit na Alzheimer; ang iba pang mga demensya ay kasama ang Lewy Body dementia, mga “frontotemporal disorders,” demensyang baskular, at demensya mula sa sakit na Parkinson's at mga katulad na karamdaman. Dahil sa likas na katangian ng sakit, maaari itong maging partikular na mapaghamon at nakababahala para sa mga indibidwal na nagbibigay ng pangangalaga sa isang taong may sakit na Alzheimer o isang kaugnay na diyagnosis sa demensya.

Alam Mo Ba?

Ang sakit na Alzheimer ay kasalukuyang niranggo bilang ikaanim na pangunahing sanhi ng pagkamatay sa Estados Unidos at ang pangatlong pangunahing sanhi ng pagkamatay sa California at Lalawigan ng San Diego.

Dyagnosis ng Sakit na Alzheimer at Mga Kaugnay na mga Demensya

Ang mga manggagamot ay maaaring magsagawa ng komprehensibong pagsusuri upang matukoy kung ang isang tao ay maaaring magkaroon ng sakit na Alzheimer o isang kaugnay na demensya. Ang mga pagsusuri na ito ay maaaring ulitin upang bigyan ang mga doktor ng impormasyon tungkol sa kung paano maaaring magbago ang memorya ng isang tao at ang kognitibong pagtakbo nito sa paglipas ng panahon. Ang sakit na Alzheimer ay maaari lamang tiyak na masuri pagkatapos ng kamatayan, sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga klinikal na hakbang at isang pagsusuri ng tisyu ng utak sa isang awtopsiya. Ang mga kasalukuyang klinikal na pagsusuri ay tinitingnan ang mga paraan ng pag-dyagnos at pagtuklas ng mga abnormalidad sa utak bago lumitaw ang mga sintomas.

Ang mga taong may alalahanin sa kapansanan sa pag-iisip ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor upang malaman kung ang kanilang mga sintomas ay sanhi ng Alzheimer o iba pang mga sanhi tulad ng stroke, tumor, sakit na Parkinson, mga abala sa pagtulog, mga epekto ng gamot, impeksyon, o kakulangan sa bitamina o isang demensya na hindi Alzheimer. Ang ilan sa mga kundisyong ito ay maaaring magamot at posibleng mabaligtad.

Kung ang dyagnosis ay sakit na Alzheimer, ang paghanap ng suporta habang maaga sa proseso ng sakit ay maaaring makatulong na mapanatili ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mas mahabang panahon, kahit na ang napapailalim na proseso ng sakit ay hindi maaaring tumigil o baligtarin. Pinapayagan din ng maagang pagsusuri ang mga pamilya na magplano para sa hinaharap. Maaari nilang pangalagaan ang mga bagay na pampinansyal at ligal, tugunan ang mga potensyal na isyu sa kaligtasan, alamin ang tungkol sa pangangalaga sa memorya, at bumuo ng mga network ng suporta. Bilang karagdagan, ang isang maagang pagsusuri ay nagbibigay sa mga tao ng mas malaking pagkakataon na makilahok sa mga klinikal na pagsubok na sumusubok para sa mga posibleng bagong paggamot para sa sakit na Alzheimer.



Mga Yugto ng Sakit na Alzheimer's

Habang ang mga unang sintomas ng sakit na Alzheimer ay magkakaiba sa bawat tao, at ang sakit ay nagpoprogreso sa iba't ibang paraan, ang mga yugto ay nagbibigay ng isang pangkalahatang patnubay para maunawaan ang paglala ng sakit na Alzheimer. Mahalagang tandaan na magkakaiba ang epekto ng sakit sa bawat tao, ang panahon sa bawat yugto ay nag-iiba, at hindi lahat ay nakakaranas ng lahat ng mga sintomas ng sakit na Alzheimer.

Maagang Yugto (Early Stage): Sa maagang yugto, ang mga tao ay maaaring makaranas ng mga pagbabago sa kanilang panandaliang memorya, nahihirapan sa pag-alala ng mga pangalan ng mga salita, nawawala nang madalas, nagkakaproblema sa paghawak ng pera at pagbabayad ng mga singil, pag-uulit ng mga katanungan, mas matagal upang makumpleto ang normal na pang-araw-araw na gawain, at nagpapakita ng mga pagbabago sa pagkatao at pag-uugali. Ang karaniwang haba ng yugtong ito ay 2-3 taon.

Gitnang Yugto (Middle Stage): Sa gitnang yugto, nangyayari ang pinsala sa mga lugar ng utak na kumokontrol sa wika, pangangatuwiran, pagpoproseso ng pandama, at may malay-tao na pag-iisip. Ang mga tao ay maaaring may higit na kahirapan sa pakikipag-usap o pagsunod sa pagkakasunud-sunod ng isang pag-uusap o kwento. Maaari silang hindi matuto ng mga bagong bagay, magsagawa ng mga gawain na maraming hakbang tulad ng pagbibihis, o makaya ang mga bagong sitwasyon. Bilang karagdagan, ang mga tao sa yugtong ito ay maaaring makaranas ng maling pag-iisip, paranoya, at maaaring kumilos nang pabigla-bigla. Ang karaniwang haba ng yugtong ito ay 6-8 taon.

Huling Yugto (Late Stage): Sa huling yugto, patuloy na kumakalat ang pinsala sa buong utak na nagdudulot ng karagdagang mga problema at pagkasayang ng utak (pag-urong). Naging mahirap para sa mga tao na makipag-usap at kakailanganin nila ng buong tulong sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay (pagligo, pagbibihis, pag-banyo, pagkain, paglalakad). Nagsisimula ang katawan upang maghanda para sa pagtatapos ng buhay. Ang karaniwang haba ng yugtong ito ay 2-23 taon.



Magkakaiba ang epekto ng sakit sa bawat tao, ang haba ng bawat yugto ay nag-iiba, at hindi lahat ay nakakaranas ng lahat ng mga sintomas ng sakit na Alzheimer.

Mga Karaniwang Kilos at ang mga Sanhi Nito

Karaniwan para sa mga taong nabubuhay na may demensya na magpakita ng mga pagbabago sa pag-uugali o pagkilos at kanilang kakayahang makipag-usap. Ang isang pagkilos ay madalas na isang uri ng komunikasyon at maaaring isang pagtatangka upang ipahayag ang kakulangan sa ginhawa. Ang paghahanap para sa mga kadahilanang ito o mga sanhi ay maaaring makatulong sa iyo na makilala ang mga pangangailangan na ipinahayag ng mga pagkilos, samakatuwid, pinapayagan kang tugunan ang mga kilos bago ito lumala. Bagaman ang mga sanhi ng pagkilos ay maaaring mahirap ayusin, mahalagang huwag balewalain ang problema, ngunit kilalanin ang mga emosyonal na pangangailangan ng iyong minamahal.

Ang mga karaniwang kilos ay maaaring kabilang ang:

- **Pagkabalisa:** Pabalik-balik na paglalakad sa silid, hindi mapakali, madaling magalit, pagsisigaw
- **Agresyon:** Pakikipagtalo or pakikipag- argumento, pananakot sa iba, pisikal na pananakit sa sarili o sa iba
- **Halusinasyon o Guni-guni:** Nakakakita, nakakarinig, nakakaamoy, nakakatikim, o nakakaramdam ng isang bagay na wala naman
- **Delusyon o Maling Akala:** paniniwalang totoo ang isang bagay kahit na hindi ito totoo
- **Paranoya:** Ang paniniwalang may nagtatangkang magnakaw o nagsisinungaling sa kanila, sinasabing may humahabol sa kanila
- **Pagkalito at Pagiging Makakalimutin:** Paghahanap sa mga nawawalang bagay, pag-iimbak ng mga bagay para itago ang mga ito, pag-uuri-uri sa mga bagay, paglalagay ng mga bagay sa ibang mga lokasyon
- **Takipsilim/Paglubog ng Araw ('Sundowning'):** Hindi mapakali pagdating ng bandang hapon o kaagahan ng gabi na nagreresulta sa pagkamayamutin, pagka-irita o pagkalito
- **Pagtanggi sa Paggawa ng isang Gawain:** Ang pag-ayaw na magsagawa ng personal na kalinisan, kumain, uminom ng mga 58amut
- **Pag-uulit-ulit:** Pagsasabi ng isang bagay nang paulit-ulit, pag-uulit ng mga salita, katanungan o kilos



Mga karaniwang sanhi ay ang mga sumusunod:

- Sakit, lungkot, takot o istres
- Mga pangangailangang hindi natutugunan – tulad ng gutom, uhaw, inip, paninigas ng dumi
- Kakulangan ng pahinga o pagtulog
- Maduming salawal o damit na panloob
- Biglang pagbabago sa isang kilalang lugar, gawain, o tao
- Interaksyon ng mga gamot
- Impeksyon sa ihi (Urinary tract infection o UTI)
- Ang pakiramdam ng pagkawala-tulad kung ang tao ay malungkot dahil hindi na nakapagmamaneho o hinahanap ang kanilang namatay na asawa
- Masyadong maingay o pagkalito o masyadong maraming tao sa silid
- Pinipilit ng iba na gumawa ng isang bagay, tulad ng pagligo o pag-alala sa mga kaganapan o tao
- Pagkalungkot at walang sapat na pakikipag-ugnay sa ibang mga tao

Mga Mungkahi sa Komunikasyon at Pamamahala sa Sintomas ng Kilos

- Magbigay ng mga maiikling paliwanag at magbigay ng karagdagang oras para sa pang-unawa.
- Pagtibayin o bigyang-bisa ang mga damdamin sa likod ng sinasabi ng iyong minamahal.
- Iwasang gumamit ng pangangatwiran, lohika, o komprontasyon.
- Kung maaari, gumamit ng katatawanan. Maging mapagpasensya at panatag.
- Tulungan ang iyong minamahal na kumpletuhin ang mga gawain, habang isinasalang-alang pa rin ang kanilang kalayaan at pagtingin sa sarili.
- Lumikha ng pang-araw-araw na gawain upang malaman ng iyong minamahal kung kailan mangyayari ang ilang mga bagay. Bumuo ng mga tahimik na oras sa araw, kasama ang mga aktibidad.
- Panatilihin ang mga pamilyar na mga bagay at litrato upang matulungan ang iyong mahal sa buhay na makaramdam ng seguridad.
- Tiyakin sa iyong minamahal sa buhay na ligtas siya, at nandiyan ka upang tumulong.
- Bawasan ang ingay, kalat, o bilang ng mga tao sa isang silid.
- Alamin kung saan maaaring itago ng iyong mahal sa buhay ang mga bagay-bagay, o kaya ay bumili ng mga kopya nito.
- Buksan ang mga ilaw at isara ang mga kurtina bago mag-takipsilim upang mabawasan ang mga anino.
- Tanungin ang doktor kung kinakailangan ng gamot upang mabawasan o maiwasan ang pagkabalisa o agresyon
- Huwag makipagtalo.
- Kilalanin ang mga indibidwal sa kanilang realidad.
- Hindi kinakailangan iwasto ang pang-unawa ng iyong mahal sa buhay sa katotohanan.
- Magpatugtog ng musikang banayad, magbasa ng magandang libro, o maglakad-lakad.



Mga Pagsasaalang-alang sa Kaligtasan

Ang mga indibidwal na nabubuhay na may banayad na kapansanan sa pag-iisip ay madalas na maaaring mabuhay nang mag-isa at ligtas; gayunpaman, darating ang oras na kinakailangang magkaroon ng isang taong magbabantay sa lahat ng oras upang maiwasan ang pananakit sa sarili o pinsala sa kapaligiran. Ang pagpapalano nang maaga at pag-iwas sa pinsala ay maaaring mapahaba ang kalayaan ng tao. Kung mapansin mo ang ilan sa mga pagbabago na nakalista sa ibaba, isaalang-alang ang pagpapalano para sa higit pang pangangasiwa, suporta, o mga alternatibong opsyon sa tirahan.

Naging mahirap na ang:

- Pag-inom ng mga gamot nang matagumpay at ligtas
- Pamimili ng pagkain, paghahanda ng pagkain, pagbabayad ng mga bayarin, pagpapapanatili ng kalinisan ng sambayanan at pag-aayos ng bahay
- Paggamit ng telepono, telebisyon, o iba pang teknolohiya
- Pagtanda o pagmemorya sa kasalukuyang numero ng telepono o address ng tirahan
- Pagtanda sa pagpatay ng mga sigarilyo, patayin ang mga lutuan, isara at i-lock ang bahay
- Kumain ng balanseng pagkain at uminom ng naaangkop na dami ng tubig
- Pakiramdaman ang naaangkop na temperatura para sa pagbibihis o paggamit ng termostat

Ang iyong mahal sa buhay ay nakakaranas ng:

- Pakiramdam ng pag-aalala, pagkabalisa, pag-iisa, at kalungkutan
- Mga kaisipang paranoya, guni-guni, maling akala, agresyon, o pag-iisip ng pagpapakamatay
- Pagiging biktima ng pandaraya, mga telemarketer, o krimen
- Pagkaligaw habang naglalakad at / o nagmamaneho, o madalas na hindi nalilito
- Pagbaba o pagtaas ng kanilang timbang at / o ang kanilang mga alagang hayop ay nagbaba o nadagdagan ng timbang

Ikaw, bilang kanilang tagapag-alaga, ay napapansin na:

- Madalas silang tumatawag sa iba o kaya ang mga kapitbahay ay tumatawag sa pulis
- May mga bagay ay nawawala sa paligid ng bahay
- Ang iyong minamahal ay may hindi maipaliwanag na pasa sa katawan, gasgas, o di pangkaraniwang mga marka
- Ang iyong mahal sa buhay ay madalas na napagsasarhan habang nasa labas ng bahay
- Ang personal na pangangalaga / kalinisan ay napapabaya; ang iyong minamahal sa buhay ay nagsusuot ng parehong damit sa araw-araw
- Ang kanilang sasakyan ay may mga bagong bangga, gasgas o madalas silang magkamali sa pagmamaneho

Mga Mungkahi sa Pagtugon sa mga Karaniwang Kilos sa mga Yugto ng Demensya

Mga kilos na maaari mong mapansin sa maagang yugto ng demensya:

Mga Alalahanin sa Panandaliang Memorya (Short-Term Memory)

- Subukang gumamit ng mga litrato upang makatulong na paalalahanan ang mga indibidwal sa mga mahahalagang ugnayan at lugar.
- Kung ang memorya ng tao ay nakatuon sa isang partikular na oras sa kanyang buhay, kausapin sila at magtanong tungkol sa pagkakataon na iyon.
- Gumamit ng mga pantulong sa memorya, tulad ng mga tala, orasan, kalendaryo, o litrato, kung naaangkop.

Pag-uulit-ulit

- Mahalaga na maging mapagpasensya. Panatagin ang kalooban ng tao gamit ang kalmadong boses at banayad na paghawak. Tandaan na maaaring hindi maalala ng tao na nagtanong na siya dati.
- Sa pangkalahatan ay hindi nakakatulong na ipaalam sa tao na inuulit niya ang kanilang sarili.

Mga kilos na maaari mong mapansin sa kalagitnaang yugto ng demensya:

Paghihinala at mga Delusyon

- Hayaan silang ibahagi ang kanilang mga alalahanin at kilalanin ang kanilang mga damdamin.
- Magbigay ng mga simpleng paliwanag upang hindi mo mabigla or malula ang tao.
- Subukang ilipat ang atensyon ng tao sa pamamagitan ng paghingi ng tulong sa isang gawain o ilahok sila sa isang aktibidad.

Mga Guni-guni

- Tumugon sa isang mahinahon, sumusuporta na paraan at kilalanin ang mga damdamin na dala ng guni-guni. Maaaring gusto mong sabihin na, "Parang nag-aalala ka" o "Alam kong nakakatakot ito para sa iyo."
- Baguhin ang kapaligiran sa pamamagitan ng pakikinig para sa mga tunog na maaaring bigyan ng maling kahulugan o pag-iilaw na nagpapalabas ng mga anino, repleksyon, o distorsyon sa mga ibabaw ng sahig o dingding.

Mga kilos na maaari mong mapansin sa dulo o panghuling yugto ng demensya:

Agresyon at Galit

- Subukang kilalanin kung ano ang maaaring nag-uudyok sa tao. May nagdulot ba ng reaksiyong ito?
- Tiyaking ang tao ay hindi nasasaktan o nakakaranas ng kakulangan sa ginhawa.

Deliryo sa Takip-silim o "Sundowning" (pagkabalisa sa paglubog ng araw)

- Mag-iskedyul ng mga aktibidad tulad ng mga paglalakbay at pagligo sa umaga o bago magdilim habang ang taong nabubuhay sa demensya ay mas alerto. Hangga't maaari, hikayatin ang isang regular na gawain ng paggising, pagkain, at pagtulog.

Para sa karagdagang mga mungkahi, bumisita sa <https://www.alz.org/>.

Programang “luwi Mo Ako”

Ang maligaw o mawala ay nakakatakot at maaaring mapanganib; lalo na para sa isang taong nabubuhay na may demensya, awtismo, o iba pang mga kondisyong kognitibo. Ang programang “luwi Mo Ako” (Take Me Home) ay isang rehistro na idinisenyo para sa mga indibidwal na maaaring may kahirapan sa pakikipag-usap o paghahanap ng paraan upang makauwi.

Maaari mong ipalista ang iyong mahal sa buhay sa programang “luwi Mo Ako” (Take Me Home) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa iyong lokal na Espesyalista sa Pag-iwas sa Krimen sa mga sumusunod na istasyon ng patrol:

- | | | |
|-------------------|------------------|--------------------|
| • 4S Ranch | • Imperial Beach | • Ramona |
| • Alpine | • Julian | • Ranchita |
| • Borrego Springs | • Lakeside | • Rancho San Diego |
| • Boulevard | • Lemon Grove | • San Marcos |
| • Campo | • North Coastal | • Santee |
| • Dulzura | • Pine Valley | • Valley Center |
| • Fallbrook | • Poway | • Vista |

Upang ipalista ang isang tao sa talaan, magsumite sa online sa www.sdssheriff.net/tmh ng larawan, kasama ng mapaglarawang deskripsyon at impormasyon sa pag-kontak. Ang mga kalahok na mga organisasyon ng nagpapatupad ng batas ay magkakaroon ng akses sa kritikal na impormasyon tungkol sa isang nakarehistrong tao kung sakaling may emerhensiya.

Ano ang dapat kong gawin kung ang aking mahal sa buhay ay nawawala?

Tumawag agad sa 911 at ipaliwanag na ang iyong mahal sa buhay ay may demensya o may isang uri ng kapansanan. Kung sila ay naka-rehistro sa Take Me Home, tiyakin na ipaalam sa dispatser ang bagay na ito.

Paano ito makakatulong?

Impormasyon tungkol sa kanilang pisikal na anyo, ang mga lugar na malamang na mapunta sila, pati na ang mga sanhi at pamamaraan ng diskarte sa pagpapahinahon ay ipapadala sa lahat ng nagpapatupad ng batas sa lugar upang hanapin ang nawawalang tao.



Pagtulong sa mga nanganganib na mga taga-San Diego na ligtas na makauwi.

Mga Kagamitan para sa mas Pinagbuting Komunikasyon

Sa pamamagitan ng kabaitan at pag-unawa, mapapagbuti natin ang kalidad ng buhay ng ating mga kaibigan at kapitbahay na may demensya.



Ang mga sumusunod ay mga tips at paalala na makakatulong:

1. Ang Demensya ay nagdudulot ng pagbabago sa pag-iisip, memorya, pangangatuwiran, at pag-uugali; mangyaring maging matiyaga at mapagpasensiya.
2. Kapag nakikipag-usap sa isang taong may demensya, dahan-dahang lumapit sa kanila mula sa harapan, gumamit ng simpleng mga pangungusap, at magbigay ng sapat na oras para sa sagot.
3. Kung ang isang indibidwal ay hindi makahanap ng tamang salita, hiikayatin ang mga kamay sa paggamit ng mga senyas tulad ng mga kilos o mga larawan. Subukang hulaan ang tamang salita.
4. Kapag bigo ang lahat, malayo ang nararating ng isang malalambing na ngiti.

Tarheta ng Mungkahi

Ang mga nabubuhay na may demensya ay maaaring may limitadong abilidad sa pakikipag-komunikasyon, na ginagawang mahirap ang pakikipag-ugnay sa lipunan. Ang Lupon ng Kaibigan sa Demensya (Dementia Friendly Team) ay gumawa ng mga tarheta ng mungkahi na maaaring gamitin kung ikaw ay nasa komunidad at may kasama kang may demensya. Ang tarheta ay may mga mungkahi at paalala kung paano makipag-ugnay sa isang tao na may demensya.

Ang kasama ko ay may demensya.



Any iyong pag-unawa ay pinahahalagahan!

Mangyaring buksan para sa mga tip at mga paalala.

Upang mag-download ng isang kopya ng Tarheta ng Mungkahi na maaari mong i-print, o upang sumali sa Lupon ng Kaibigan sa Demensya, bisitahin ang: www.LiveWellSD.org/DementiaFriendly

Kagamitan sa mga Aktibidad na Angkop sa may Demensya

Dementia-Friendly Activities Toolkit

A guide for engaging people living with dementia



- Ang Kagamitan sa Aktibidad na Angkop sa Demensya ay nagbibigay ng mga mapagkukunan ng kaalaman, patnubay, at ideya para sa mga aktibidad upang matulungan ang mga nabubuhay na may demensya.
- Ang ilang mga aktibidad ay maaaring pang-isahan habang ang iba ay angkop sa maliliit na grupo.
- Ipinakilala ng Kagamitan ito ang mga kasanayan na angkop sa Demensya o mga paraan ng mas mahusay na pakikipag-ugnay at pagsuporta sa mga may demensya. Sa pamamagitan ng paglapat ng pananaw na may simpatya sa demensya sa mga aktibidad at interaksyon, mapapabuti ang komunikasyon, mababawasan ang pagkayamot, at ang oras na gugugulin sa pagsasama ay mas magiging masaya.
- Upang ma-akses ang isang bersyon ng Kagamitan ito na maaaring i-download, bisitahin ang: www.LiveWellSD.org/DementiaFriendly

Ang mga mapagkukunang-kaalaman na ito ay hatid sa iyo ng Lupon ng Suportang-Demensya ng Age Well San Diego

Maging Kaibigan ng Demensya

Alamin ng higit pa ang tungkol sa pamumuhay ng may demensya at gamitin ang iyong karagdagang pag-unawa sa paggawa ng aksyon sa pamamagitan ng pagdalo sa isang 60 minutong birtuwal na workshop! Maaari kang maging Kaibigan ng Demensya sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe sa AISalzheimer.HHSA@sdcounty.ca.gov para sa karagdagang detalye.

Mga Mungkahi para sa Pakikipag-usap Tungkol sa Mahirap na Mga Paksa

Bagama't ang pakikipag-usap sa isang mahal sa buhay tungkol sa demensya at ang epekto nito sa kanilang pang-araw-araw na buhay ay maaaring maging mahirap, mahalagang magkaroon ng mga pag-uusap na ito sa lalong madaling panahon. Magplano nang maaga sa kung paano mo maaaring gabayan ang talakayan sa isang positibong kinalabasan. Sanayin ang sasabihin mo at subukang maging kalmado hangga't maaari. (Para sa karagdagang mga suhestiyon, **tingnan ang pahina 34 at 35**). Matatagpuan mo sa ibaba ang ilang mga mungkahi sa pag-uusap.

Pagpunta sa doctor:

- Sabihin sa iyong minamahal: "Napansin kong mas marami kang nakakalimutan mga bagay kani-kanina lamang. Kausapin natin ang doktor tungkol dito upang makita kung ano ang maaari nating gawin."
- Magmungkahi ng pagpapares ng isang pagpunta sa doktor na may kasiya-siyang pamamasyal.
- Gumamit ng nakakaaliw na wika. Tiyak sa iyong minamahal na nais mong manatiling nakatuon sa kung ano ang maaari nilang gawin, sa halip na kung ano ang hindi nila magawa.
- Payuhan ang iyong minamahal na samantalahin ang libreng taunang Pagbisita sa Wellness ng Medicare at imungkahi na kumain sa labas pagkatapos.

Ang pagpapasya kung kailan hihinto sa pagmamaneho:

- Ipahayag ang iyong pag-aalala tungkol sa mga pagbabago sa kakayanan sa pagmamaneho na napapansin mo.
- Subukan ang mungkahing paksa ng pag-uusap na ito: "Nais mo bang malaman kung may napapansin akong mga pagbabago sa iyong pagmamaneho?"
- Sabihin sa iyong minamahal: "Alam ko na hindi mo gugustuhin na mangyari ang isang aksidente - o para masaktan ang sarili mo o ang ibang tao."
- Mag-alok ng iba pang mga pagpipilian sa transportasyon, **tingnan ang pahina 22**.

Paggawa ng mga ligal at pampinansyal na plano:

- Ipaliwanag na magka-akabay kayo dito at ang pagpapalano ay makakatulong na kumbinsihin ang iyong minamahal na siya ay aalagaan sa paraang nais niya.
- Bigyang diin na ang mga direktibong medikal at mga kaugnay na dokumento ay dapat na makumpleto ng lahat sa kanilang pagtanda.
- Sabihin sa iyong minamahal: "Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng lahat ng kinakailangang papel ngayon, maaari tayong makapagpahinga at makapagbigay-atensyon sa pagtatamasa ng sama-sama. Mas mahirap gawin ang mga plano habang may isang krisis."
- Talakayin ang mga paksang ito sa isang serye ng mga pag-uusap dahil maaari silang maging kumplikado at mahirap.
- Isali ang mga eksperto at miyembro ng pamilya kung kinakailangan.
- Para sa karagdagang impormasyon, **tingnan ang pahina 37**.

Mga Mungkahi Para sa Pagharap sa Istres

Ang pag-aalaga ay maaaring nakakalula. Maaari itong magdulot ng malaking pinsala sa iyong kalusugang pisikal at mental, kasama na ang pananalapi ng pamilya. Tingnan ang mga Pahina 50 at 51 para sa mga detalye sa kahalagahan ng pag-aalaga sa sarili.

Narito ang ilang mga karagdagang mungkahi:

- Panatilihin ang isang pang-araw-araw na talaarawan. Sumulat o gumuhit upang ipahayag ang iyong nararamdaman at kung ano ang nasa isip mo.
- Mag-download at subukan ang isang app sa pagmumuni-muni tulad ng Headspace o Calm. Maraming magagamit na app sa iyong cell phone. Ang ilan sa mga ito ay libre.
- Ehersisyo. Hindi ito kailangang maging mahigpit o pormal. Gawin kung ano ang nararamdaman mong tama para sa iyo. Halimbawa, maaari kang maglakad-lakad o magsanay ng yoga.
- Kumuha ng mga libreng klase sa “Feeling Fit” mula mismo sa iyong sariling tahanan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan and pahina 46.
- Umupo sa labas at tamasahin ang sikat ng araw at kalisakan. Huminga ng malalim.

Para sa karagdagang mapagkukunan ng kaalaman, tingnan ang pahina 17 at 18.



Alzheimer’s Association – (800) 272-3900 o www.alz.org/sandiego

Ang lokal na tsapter ng Pambansang Asosasyon ng Alzheimer ay nag-aalok ng mga serbisyo tulad ng: mga programang pang-edukasyon, isang Linya ng Tulong (o Helpline) na bukas ng 24 na oras sa isang araw/ 7 araw sa isang linggo, impormasyon sa mga mapagkukunan ng kaalaman, buwanang pagtitipon ng grupo ng tagasuporta ng tagapag-alaga sa telepono, at mga online na paunawa sa komunidad.

Alzheimer’s San Diego – (858) 492-4400 o www.alzsd.org

Nag-aalok ang Alzheimer’s ng San Diego ng iba’t ibang mga makabagong programa at serbisyo, kabilang ang: mga klase at workshop para sa mga tagapag-alaga, mga grupo ng suporta at talakayan, impormasyon sa mapagkukunan ng kaalaman, patnubay mula sa mga dalubhasa sa demensya, mga aktibidad sa lipunan, at pahinga sa pag-aalaga.

Southern Caregiver Resource Center – (800) 827-1008 o www.caregivercenter.org

Nagbibigay ang SCRC ng mga libreng serbisyo sa mga nag-aalaga ng miyembro ng pamilya, kabilang ang: mga serbisyo sa konsulta / pamamahala ng kaso, panandaliang pagpapayo, mga konsulta sa ligal/pampinanyal, edukasyon at pagsasanay, mga grupo ng suporta, at pahinga sa pag-aalaga.



Sakit na Parkinson

Ang sakit na Parkinson ay isang progresibong sakit sa sistema ng mga ugat (o sistema ng nerbiyos) na nakakaapekto sa paggalaw. Ang mga sintomas ay madalas na nag-iiba sa bawat tao at maaaring magsama ng isang kombinasyon ng panginig ng katawan, paninig ng mga kalamnan, problema sa balanse, at kabagalan ng paggalaw. Ang iba pang mga posibleng sintomas ay kasama ang maliit na sulat-kamay at nabawasang mga ekspresyon ng mukha.

Ang sanhi ng sakit ay mananatiling hindi mapag-aalaman, ngunit naniniwala ang mga nananaliksik na maaaring ito ay isang halo ng mga kadahilanan sa kapaligiran at paraan ng pamumuhay, kasama ang mga henezis (genes). Walang kilalang lunas. Ang paggamot ay karaniwang may kasamang kombinasyon ng gamot, ehersisyo, at terapiyang pisikal at pananalita. Habang ang Parkinson mismo ay hindi nakamamatay, ang mga komplikasyon mula sa sakit na ito ay maaring maging malubha.

Alam


Mo Ba?

- Ang Parkinson ay nakaka-apekto ng mahigit-kumulang na 1 milyon hanggang 1.5 milyon na mga Amerikano, kung saan 50,000 hanggang 60,000 na mga bagong kaso ay inuulat taun-taon.
- Karamihan sa mga taong nasuri na may Parkinson ay may edad na 65 at halos 60 porsyento ay mga kalakihan.
- Pangalawa ito sa Alzheimer's bilang pinaka-karaniwang sakit na “neurodegenerative” sa Estados Unidos.

Parkinson's, Alzheimer's, at demensya

Karamihan sa mga taong may Parkinson sa kalaunan ay nagkakaroon ng ilang kapansanan sa pag-iisip, ngunit ang kapansanan sa pag-iisip ay hindi lumilitaw hanggang sa mga huling yugto ng sakit. Ang mga kapansanan na ito ay nailalarawan sa pamamagitan ng pagbagal ng pag-iisip, kasama ang paghihirap na labanan ang mga kapusukan (impulses), at pagsasama-sama ng mga saloobin sa isang bagong ideya or plano.

Ang pagbagal ng pag-iisip ay maaaring maging sanhi ng mga pangunahing problema sa mga taong may Parkinson, na ginagawang mahirap na makilahok sa pag-uusap. Maaari rin silang lumitaw na nawawalan ng interes sa kanilang paligid, na lumilikha ng impresyon ng pagkawala ng kakayahan sa pag-iisip.



13 Mga Mungkahi para sa mga Tagapag-alaga

- Kaagad pagkatapos na makatanggap ng positibong resulta sa pagsusuri na may Parkinson ang iyong minamahal, kausapin sila tungkol sa kung paano ibabahagi ang balita sa pamilya at kaibigan.
- Sumali sa isang grupo na nagbibigay suporta sa sakit na Parkinson sa inyong lugar.
- Makipag-usap sa isang tagapag-alaga na may karanasan sa Parkinson. Maaari silang magbigay ng pananaw at mapanatag na simpatya.
- Maging handa sa maraming mga taos-pusong payo mula sa mga kaibigan at pamilya na maaaring magtulak ng “mga himalang pagpapagaling” na nakita nila sa online o sa ibang lugar.
- Magkaroon ng tapatang pakikipag-usap sa iyong minamahal tungkol sa kung kailan nila tunay na nais ng o kakailanganin ang tulong. Ang isang tagapag-alaga kung minsan ay kumukuha ng mga responsibilidad na maaaring gawin ng taong may Parkinson.
- Turuan ang iyong sarili tungkol sa sakit at ang posibleng pagpapatuloy nito.
- Dumalo sa mga konsultasyong medikal ng iyong minamahal. Maging handa na magtanong at maging tagapagtaguyod o tagapangtanggol ng kanilang mga pangangailangan.
- Iangkop o baguhin ang ayos ng bahay upang ito ay ligtas at madaling ma-akses.
- Manatiling nangunguna sa anumang isyu na nauugnay sa seguro (insurance) o pagbabayad sa pangangalaga ng kalusugan.

Parkinson's, Alzheimer's, at demensya

Mga Mungkahi para sa mga Tagapag-alaga (pagpapatuloy)

- Tiyaking iniinom and mga gamot.
- Bantayan ang mga pagbabago sa mga sintomas, kakayahan, at kalagayan o kondisyon.
- Samantalahin ang mga serbisyo sa pahinga sa pag-aalaga upang makatulong na maiwasan ang sobrang kapaguran.
- Alagaan ang iyong sariling kapakanang pisikal at mental.



Para sa karagdagang mapagkukunan ng kaalaman:

- Parkinson's Association of San Diego – (858) 999-5671 o www.parkinsonsassociation.org
- Parkinson's Foundation – (800) 473-4636 o www.parkinson.org (866) 358-0285
- Davis Phinney Foundation for Parkinson's – o davisphinneyfoundation.org
- American Parkinson Disease Association – (800) 223-2732 o www.apdaparkinson.org

[illegible]

SEKSYON #9:

Pag-aalaga sa Isang Tao na Nabubuhay sa mga Hamon sa Kalusugan sa Pag-iisip

- **Ano ang Matatagpuan Mo sa Seksyong ito:**
 - Sama-samang Paghahanap ng Tulong
 - Suporta para sa Kalusugang Pangkaisipan

Ang karamdaman sa pag-iisip ay mga kondisyong medikal na maaaring makagambala sa pag-iisip, pakiramdam, kondisyon, kakayahan na maka-ugnay sa iba, at pang-araw-araw na pamumuhay. Mayroong higit sa 200 na mga uri ng sakit sa pag-iisip at nagdadala ang mga ito ng iba't ibang karamdaman sa pagkabalisa, mga karamdaman sa pangkalahatang pakiramdam (mood), mga karamdaman sa pagkain, at mga saykotikong karamdaman (psychotic disorder) at iba pa. Nakakaapekto ang mga ito sa mga tao ng anumang edad at madalas na nagreresulta sa pagkabawas ng kakayahan para sa pag-asikaso sa mga ordinaryong pangangailangan sa buhay. Maaaring maging mahirap ang pag-aalaga sa mga indibidwal na may sakit sa pag-iisip dahil ang bawat kalagayan sa kalusugan ng pag-iisip ay nagdadala ng mga natatanging hamon at sintomas na partikular sa karamdamang ito.

Kapag ang isang kaibigan o miyembro ng pamilya ay nagkaroon ng kondisyong pangkalusugan sa kaisipan, mahalagang malaman na hindi ka nag-iisa bilang kanilang tagapag-alaga. Ang isang maling kuru-kuro ng karamihan ay ang mga karamdaman sa pag-iisip ay bihira, pero sa katunayan, sila ay karaniwan at laganap. Tinatayang sa 26% ng mga Amerikanong may edad na 18 pataas – halos 1 sa 4 na may sapat na gulang – ay nakakaranas ng isang uri ng sakit sa pag-iisip sa isang taon. Ang ilang mga indibidwal ay makakaranas sa higit sa isang sakit sa kaisipan anumang oras.



Sama-samang Paghahanap ng Tulong

Ang mga hamon sa kalusugan ng kaisipan ay hindi lamang nakakaapekto sa indibidwal, ngunit madalas din sa kanilang panlipunang paligid – ang kanilang mga kapitbahay, kasamahan sa trabaho, kaibigan, at iba pa sa komunidad. Sa kabila ng paglaganap ng sakit sa pag-iisip, ang kahihiyan na nakapalibot sa mga isyu sa kalusugan ng pagkilos ay maaaring magsilbing hadlang para sa mga tao na humingi ng tulong o magtapat sa kanilang mga mahal sa buhay. Ang mga miyembro ng pamilya at tagapag-alaga ay may malaking papel sa pagtulong at pagsuporta sa mga indibidwal na ito.

Nagagamot ang mga sakit sa pag-iisip. Ang mga taong nasuri na may malubhang sakit sa pag-iisip ay maaaring makaranas ng kaginhawahan mula sa kanilang mga sintomas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa isang plano sa paggamot. Maaaring makatulong ang mga tagapag-alaga na maisulong ang planong ito at makipagtulungan sa kanilang minamahal upang tuklasin ang mga sayko-sosyal na paggamot (kung naaangkop) tulad ng terapiya sa kognitibong pagkilos (cognitive behavioral therapy), pati na rin ang pagkonekta sa mga lokal na grupo na sumusuporta ng kapwa at iba pang mga serbisyo sa pamayanan upang makatulong sa paggaling.

Ang mga indibidwal na humaharap sa mga hamon sa pangkaisipang kalusugan at ang kani-kanilang tagapag-alaga ay hinihikayat na tumawag sa **Linya ng Akses at Krisis ng Lalawigan ng San Diego** sa **(888) 724-7240** kung kailangan nila ng isang kausap at / o kung nais nilang malaman ang tungkol sa mga programa at serbisyong magagamit nila. Pinapatakbo ng mga nagsanay na propesyonal ang linya ng telepono sa pag-iwas/interbensyon 24 na oras sa isang araw / 7 araw sa isang lingo, at tinutulungan ang mga residente na kilalanin at hanapin ang mga mapagkukunan ng kaalaman sa pangkalusugang pagkilos na partikular sa kanilang rehiyon.

Mga mungkahi para sa mga nag-aalaga ng mga indibidwal na may sakit sa pag-iisip:

- Maghanap at dumalo sa mga pang-edukasyon na mga klase upang malaman ang tungkol sa pinakabagong impormasyon at / o paggamot tungkol sa partikular na kondisyon ng pangkaisipang kalusugan ng iyong minamahal.
- Magtatag ng relasyon sa tagabigay ng paggamot ng iyong minamahal. Mahalaga na maging komportable ka sa pagbabahagi ng impormasyon at sama-samang pagtalakay sa mga kumpidensyal na mga bagay.
- Gumamit ng anumang mga koneksyon sa pananampalataya o mga koneksyong pang-espiritwal. Sinasaad ng pananaliksik na ang mga indibidwal na humaharap sa hamon ng pangkaisipang kalusugan ay madalas na nagtitiwala sa isang miyembro ng simbahan o sinagoga na kinabibilangan nila. Maraming mg institusyon ng pananampalataya at pang-espiritwal ang mayroong mga grupo ng suporta o mga ministryo sa kalusugang pangkaisipan.
- Makipag-usap sa iba na naglalakbay din sa pag-aalaga na katulad mo. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng isang personal o pang-grupong suporta sa online. Ang pakikipag-usap sa isang tao na nakakaintindi sa iyong pinagdadaanan ay maaaring makapagpagaan ng istres para sa parehong partido. Ang pagtulong sa iba ay pumupukaw ng pasasalamat, at base sa pagsasaliksik, ay napag-alaman ito na natural na nagdadala ng kalusugan at kaligayahan sa kalooban natin.

Alam Mo Ba?

Sa kaganapan ng isang emerhensiya na konektado sa resulta ng pagsusuri ng iyong mahal sa buhay, maaari kang tumawag sa 911 at humiling ng partikular na tulong mula sa Psychiatric Emergency Response Team (PERT). Pinapares ng PERT ang mga lisensyadong mga klinika sa kalusugan ng pag-iisip sa nagpapatupad ng batas. Ang mga miyembro ng PERT ay partikular na sinanay upang suriin ang mga sitwasyon at masuri ang kondition ng kalusugan ng isip at pangangailangan ng isang indibidwal.

Suporta para sa Kalusugang Pangkaisipan

Mga Lokal na Mapagkakukunan ng Kaalaman:

- National Alliance on Mental Illness (NAMI) San Diego – (800) 523-5933
- NAMI North Coastal – (760) 722-3754 (hindi isang linya para sa krisis)
- Mental Health America of San Diego County – (619) 543-0412
- Kumontak sa San Diego Access & Crisis Line sa (888) 724-7240 o bisitahin ang www.livewellsd.org/checkyourmood para sa isang mas komprehensibong listahan ng mga mapagkakukunan ng kaalaman sa rehiyon

Pambansang Mga Buhay-Linya:

- National Suicide Prevention Lifeline – (800) 273-8255
- Substance Abuse and Mental Health Administration (SAMHSA) National Helpline – (800) 662-4357
- Veterans Crisis Line – (800) 273-8255, pindutin ang numero 1
- The Trevor Project: Trevor Lifeline – (866) 488-7386

[illegible]

SEKSYON #10:

Pangangalaga sa Pagtatapos ng Buhay

- **Ano ang Matatagpuan Mo sa Seksyon na Ito:**
 - Pangangalaga sa Umpisa ng Paggagamot (Palliative Care)
 - Pangangalaga sa Pagtigil ng Paggagamot (Hospice Care)
 - Paghahanda sa Pangwakas na Pag-aayos
 - Mga Hakbang na Dapat Gawin sa Oras ng Kamatayan

Pangangalaga sa Umpisa ng Paggagamot (Palliative Care)

Ang pangangalaga sa umpisa ng paggagamot (Palliative Care) ay isang espesyal na uri ng pangangalagang medikal na makakatulong sa mga pasyente na may talamak o malubhang karamdaman upang magkaroon ng ginhawa mula sa sakit, sintomas, at emosyonal na istres. Ang pangangalaga sa umpisa ng paggagamot ay ang pangangalaga na nagbibigay-ginhawa na maaaring ibigay anumang oras sa panahon ng isang karamdaman. Ang layunin ng pangangalaga sa umpisa ng paggagamot ay upang mapabuti ang kalidad ng buhay para sa parehong pasyente at pamilya. Ang pangangalaga sa umpisa ng paggagamot ay angkop sa anumang edad at anumang yugto ng isang malubhang karamdaman. Makipag-usap sa iyong manggagamot kung sa palagay mo ay makakatulong ang pangangalaga sa umpisa ng paggagamot.



Pangangalaga sa Pagtigil sa Paggagamot (Hospice Care)

Ang pangangalagang hospisyo (Hospice Care) o pangangalaga sa pagtigil sa paggagamot ay isang espesyal na uri ng pangangalaga na ginagamit para sa mga pasyente na hindi na naghahanap ng paggagamot upang gumaling. Ang Medicare, Medi-Cal at ang karamihan sa mga pribadong kompanya ng seguro (insurance) ay nagbibigay ng hospisyong pangangalaga sa sandaling matukoy ng isang manggagamot na ang pasyente ay may nalalabing anim na buwan, o mas maiksi pa, upang mabuhay. Sa pamamagitan ng pamamahala ng sakit, pagkontrol sa sintomas, at mga panukala sa ginhawa, ang grupo ng mga manggagamot ay nagbibigay ng suporta sa pasyente at pamilya sa kanilang sariling tahanan. Maaari ring ibigay ang pangangalaga sa ospital sa mga dalubhasang pasilidad sa pag-aalaga, mga asistadong pasilidad sa pamumuhay, at mismo sa ospital. Makatutulong ang hospisyong pangangalaga na mapagaan ang pasanin ng pangangalaga sa isang mahal sa buhay. Ang hospisyong pangangalaga ay nakatuon sa dignidad, ginhawa, at paggalang sa pagtatapos ng buhay. Ang suporta sa pangungulila ay inaalok pagkatapos ng pagkawala ng iyong mahal sa buhay, tumanggap man o hindi ang mahal sa buhay ng hospisyong pangangalaga mula sa isang ahensya ng hospisyo. Ang mga pamilya ay maaaring pumili ng kanilang ginustong ahensya ng hospisyo. Para sa karagdagang impormasyon, tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga o mag-konsulta sa website ng National Hospice and Palliative Care Organization: www.nhpc.org.

Paghahanda sa Pangwakas na Pag-aayos

Mga bagay na maaaring gusto mong talakayin kasama ang:

- Nais ba ng tao ang libing o kremasyon? Saan magaganap ang libing? Kung pipiliin ang kremasyon, ibabalik ba ang mga abo sa pamilya na nakalagay sa isang uma (urn), ililibing sa isang sementeryo, o ikakalat ang abo sa dagat?
- Ang maaga o paunang pagpili ng isang kabaong, uma (urn), libingan at / o isang mortuwaryo o punerarya ay maaaring makatulong na mapawi ang pagkapagod sa paggawa ng mga desisyon habang nagdadalamhati sa isang kamakailang pagkawala.
- Anong uri ng serbisyo ang gugustuhin o pipiliin? Mas gugustuhin ba ng tao at pamilya ang mga bulaklak o isang donasyon sa isang organisasyon ng kawanggawa?
- Nakagawa na ba ng paunang plano ang iyong mahal sa buhay o nagbayad ng pauna para sa anumang serbisyo sa libing?
